

Dumarating ang tulong mula sa buong bansa!

Dumarating ang iba't-ibang tao mula sa buong bansa upang tumulong sa bawat lugar ng prepektural.
Ipinaaabot namin ang mga mensahe mula sa mga maaasahang taong ito.



All Japan Young Buddhist Association
Rescue Committee Chairman
Yonezawa, Chishu (Zen Buddhist monk)

Noong Abril sa Minamisoma, noong Mayo naman sa Iwaki na nagsusumikap na gumawa ng maaaring makatulong na mga aktibidades. Kasalukuyan, kasama ko ang pari ng templo sa lokal na lugar na pinamahalaan ang lugar sa templo na nilalang para magbantay sa mga bata, at pumunta sa mga shelter upang makinig sa mga sangguni o mga kuwento ng mga sumisilong habang umiion ng chaa. Maging malapit sa mga biktima ng sakuna upang makapag-gawa ng mga aktibidades na mananatiling matatag sa lugar. Sana matulungan ninyo kami sa aming mga nais gawain.



Fukuoka Disaster Prevention Research Association
Miyazaki, Yusuke

Galing kami sa Kyushu • Fukuoka para magbigay ng aming suporta. Tumutulong kami upang mapagtagpo ang mga boluntaryo sa bawat bayan sa buong bansa umpisa sa perepektura ng Fukuoka at ang mga taong naging biktima ng sakuna. Kahit na nasa malayong Kyushi kami, ang aming mga puso ay nasa tabi ninyong lahat, at nais naming ibigay ang aming lubos at mahabang panahong suporta.

Para sa mga taong sumisilong

Sa oras na nakahinga na Mga bagay na dapat pag-ingatan

Health Preservation and Welfare Section, Health and Welfare Department,
Fukushima Prefecture Sousei Health and Welfare Office
Handicapped Support Team Chief, Health Engineer **Sanpei, Hiroko**

3 buwan na ang lumipas mula ng nagkaroon ng sakuna, at marami nang mga tao ang lumipat sa mga pansamantalang pabahay. Sa mga shelter, may mga tao pa rin sa paligid tulad ng dati, marami pa ring mga bagay na dapat pag-ingatan, at siguradong maraming mga tao ang hindi makatulong ng husto. Pagkalipat sa pansamantalang pabahay, kahit na pansamantalang lamang na tirahan, palagay ko na nakahinga na ng kahit kaunti dahil nakakuha ng sariling tirahan. Sa kabilang panig ng pagkahinga dahil nakalipat na sa pansamantalang pabahay, palagay ko may mga taong nakakaramdam ng kalungkutan dahil may pader nang humihwalay sa kanila sa ibang tao, at dahil sa pader na ito biglang magkaroon ng pagkawalang pakiramdam. Dahil sa pagkabigla sa pagkawala ng pinaghirapang itayong pamumuhay kasama ang pisikal na hirap na dinanangan, madaling magkaroon ng karamdaman sa puso at katawan kaya pag-ingatan lamang natin na gawin ang sumusunod.

- 1 Mamuhay ng maayos.**
Ang [matulog ng maaga-gumising ng maaga-agahan] ay mahalaga!
- 2 Iwasan ang magkulob sa loob ng bahay.**
• Habang maaari, ituloy ang mga araw-araw na gawain at mga kinailalibang gawain.
• Lumabas ng bahay kahit 1 beses lamang sa 1 araw.
• Maging aktibo sa pagsali sa mga aktibidad sa pansamantalang pabahay. Magpakita rin sa lugar pulungan.
- 3 Mahina pa ang pag-iisip kaya kadalasan ay nagpapasobra sa gawa, ang katawan ninyo ay pagod pa, kaya magpahinga lamang ng sapat.**
- 4 Iwasan ang sobrang pag-inom ng alak.**
Huwag uminom bago matulog at gumawa ng araw na hindi umiionom mg alak.
- 5 Mahalaga na [makipagtulungan] kaysa [gamutim] ang naghihirap na pakiramdam.**
Huwag kimkimin ang ganitong pakiramdam, sumangguni sa taong malapit sa inyo o sa isang dalubhasa [tulad sa grupo na nangangalaga sa puso(team for heart care)].
- 6 Lalo na sa matatanda at mga bata, dalasan ng mga tao sa paligid na kausapin, at maging malapit upang mabigyan ng kapayapaan ang kanilang kalooban.**
(Kapag nakalipat na sa pansamantalang pabahay, madalas na ang mga pamilya ay naiisip na ayos na sila.)

Kahit na nakalipat na sa pansamantalang pabahay, tuluyan pa rin na aming pangangalagaan ang inyong pamumuhay at kalusugan. Kahit na anuman, kapag may suliranin, huwag kayong mag-atubiling sumangguni.

~Mga batayang kaalaman para sa mga bokuntaryo~ Tungkol sa [tirahan] ng isang taong lumisan

3 buwan na ang nakalipas mula ng magkaroon ng sakuna. Mula ngayon, maraming mga tao pa rin ang napipilitang manirahan sa mga shelter ngunit unti-unting dumadami na ang mga pansamantalang pabahay na nagagawa at parami ng parami na rin ang mga nakakalipat dito.
Ang mga nawalan ng bahay dahil sa sakunang nangyari ay may 3 maaaring gawain tungkol sa kanilang tirahan.

Pansamantalang pabahay

(Pang-emerhensiyang pansamantalang pabahay ang buong pagtawag)

Itatayo ito ng perepektura sa pagsunod sa batas para sa tulog sa panahon ng sakuna, at ipamimigay na tirahan. Sa perepektura ng Fukushima, binabalak na magtayo ng 24,000 pinto.

Inupahang tirahan

Sa halip ng pang-emerhensiyang pansamantalang pabahay, uupahan ng perepektura ang mga publikong tirahang paupa at ibibigay sa mga taong naging biktima ng sakuna upang tirahan. Sa perepektura ng Fukushima, binabalak na umupa ng 10,000 pinto.

Pampublikong tirahan

Ipamimigay ang mga bakanteng pinto ng mga pampublikong tirahan sa loob ng perepektura. Binibalak na ipamigay ay 1,000 pinto.

Hindi magtatagal na magagawa na ang mga pansamantalang pabahay sa 22 lugar sa loob ng perepektura, at magiging 82 na ang mga lugar na kinaroroonan ng pansamantalang pabahay (noong Mayo 19, tignan lamang ang mapa). Hindi tulad sa mga nakaraang sakuna, ang nangyaring sakuna ngayon ay napakalaki, at may aksidente pang nangyari sa nuclear power plant sa perepektura ng Fukushima kaya may mga bayan na kailangan lahat ay lumisan, dahil dito hindi makapagpatayo ng mga pansamantalang pabahay sa mga lugar na ito at kailangang hati-hatiin sa iba't-ibang lugar ang pagtayo ng mga ito (halimbawa ay 3 lugar sa Namie-machi at Tomioka-machi). Kaya wala silang alam sa paligid at sa mga impormasyon tungkol sa pamumuhay, kaya marahil marami sa kanila ang mahihirapan.

Mula ngayon hanggang sa Agosto, tuluy-tuluy ang paglipat ng mga tao sa pansamantalang mga pabahay, at upang matulungan sila sa mga suliranin na kanilang haharapin, kami ay naghahanap ng mga kasamang mag-iisip ng mga paraan upang lutasin ang mga suliraning haharapin sa bawat lugar o ng bawat isa. Sa paggawa ng pagkakataon na makapag-usap-usap ang mga taong nananatili sa mga shelter, magiging mahalaga ang pagbigay ng suporta upang magkaroon ng mga magandang kaugnayan sa kanila.

Pansamantalang pabahay Balak na patayuang lugar



Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter Ang 『Heartful Fukushima (Hiwalay na pahayagan)』 ay mababasa sa 6 na wika.

Sa tulong ng Multi-Language Center FACIL (Nada-ku, Kobe City), maaaring mabasa ang pahayagang ito sa 5 pang wika maliban sa wikang Hapon. Nakatanggap kami ng mensahe ng pakikidalamhati para sa mga biktima ng sakuna mula sa president ng FACIL na si Yoshitomi, Shizuyo na nagsasabi, 「Aking muling napag-isip-isipan na ang suliranin tungkol sa nuclear power plant ay kailangang pag-isipan ng buong bansa ng Hapon. Ang mga mahalagang impormasyon ay dapat makarating din sa mga taong hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, upang walang mapag-sisihan.」



- * Japanese (にほんご)
- * Portuguese (ポルトガル語)
- * Korean (かんこく・ちょうせんで)
- * Tagalog (フィリピンのタガログ語)
- * English (英語)
- * Chinese (中国語)

Tala ng tagapatnugot

「Ningenbanji Saiou ga Uma」 (Isang kasabihan sa Tsina) Ang isang bagay na parang masama o kamalasan sa unang tingin ay maaaring maging isang magandang bagay, nasa inyo ang pagbago ng kamalasan upang ito ay maging isang suwerte. (Saito, Nao)



赤い羽根共同募金

**Magsikap, Japan.
Magsikap, Tohoku.**

Magsikap, Fukushima.

Tignan lamang ang homepage para sa pinaka-bagong mga impormasyon!
<http://www.pref-f-svc.org>

